

---

**Research Article**

# Wikang Filipino Gamit Sa Pagpapakilala Ng Atraksiyong Turismo Sa Bayan Ng Barcelona

**Wilma Galon, MAED, Felisa D. Marbella, PhD**

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Paaralang Gradwado Lungsod Sorsogon

---

**Abstract:**

Natiyak sa pag-aaral na ito na matukoy ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona gamit ang wikang Filipino, taong 2022. Kwalitatibo-deskriptibong pananaliksik ang disenyong ginamit sa paglikom ng datos sa pag-aaral upang matiyak ang gamit ng wikang Filipino sa pagkilala ng mga atraksiyong turismo ng Barcelona. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga partisipants na kinabibilangan ng mga mag-aaral, mamamayan, turista, tagapangalaga at kawani ng lokal na pamahalaan. Isang gabay sa pakikipanayam ang inihanda ng mananaliksik ukol sa pag-aaral para sa pagkalap ng datos. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon ng mananaliksik.

Iba-ibang atraksiyong turismo ang makikita sa bayan ng Barcelona. May mahalagang gamit ang wikang Filipino sa pagpapakilala ng turismo ng Barcelona. Mga benepisyong hatid ang turismo sa dukasyon, komunidad, turista, at lokal na pamahalaan. Inirerekomenda na kailangang bigyang pansin ng lokal na pamahalaan ang mga pagpapakilala at pagpapaunlad sa mga atraksiyong turismo ng bayan. Gamitin ang wikang Filipino sa mga flyers at bilang midyum ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na empleyado sa pagpapakilala ng mga atraksiyong turismo. Magkaroon pa ng mga proyekto at programang maaaring isulong ang pagpapayaman ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na mamamayan gamit ang wikang Filipino. Hikayatin ang mga guro na ipakilala sa mga mag-aaral at mga kabataan na mas bigyang pahalaga at pansin ang mga lokal na turismo bago tangkilikin ang mga dinadayang mga turismo ng iba.

---

**Keywords:** Wikang Filipino, gamit, pagpapakilala, atraksiyong turismo, bayan ng Barcelona.

## Introduksyon

Wika ang itinuring na yamang pinakagamitin ng tao na biyayang bigay ng Maykapal sa atin. Ginamit ito bilang instrumento, dahil gamit ang wika nagawa nating makipag- ugnayan. Ito ay simbolo bilang tulay ng komunikasyon at pagkakaunawaan ng bawat isa. Ang bansang Pilipinas ay isa sa mga hinahangaang lugar na may iba't ibang tanawin na kung ihahambing sa iba ay hindi matatawaran ang ganda at katangian. Ito ang mga yamang natural at naiiba sapagkat ito ay nagbibigay hindi lamang kasiyahan kundi pati na rin kabuhayan sa mga mamamayan. Ang Pilipinas bilang tropikal na bansa ay isa sa mga kinawiwilang bisitahin ng mga turista. Sa katunayan, naitala ng Departamento ng Turismo (DOT)<sup>1</sup> ang halos 2,061,135 international arrivals noong taong 2014.

Ang turista, ayon sa World Tourism Organization (WTO)<sup>2</sup>, ay ang sinumang naglalakbay sa 50 milya (80.5 kilometro) na layo mula sa kanyang tirahan. Ang mga turista ay nahahati sa dalawa, una ay ang mga taong mula sa ibang bansa o tinatawag na turistang dayuhan at ang pangalawa ay ang mga Pilipino o turistang lokal. Mapapansing karaniwang ang mga dokumentong panturismong mababasa ay nakalimbag sa Ingles na kung saan hindi lahat halos ng turista ay mga dayuhan bagkus marami ang turistang Pilipino. Mas mauunawaan nila kung ang mga dokumento tungkol sa turismo ay nakasulat sa wikang Filipino.

Ayon sa Batas Republika 9593<sup>3</sup> kilala rin bilang Batas Panturismo ng 2009 na ipinagtibay noong ika- 12 ng Mayo taong 2009, bilang pangkalahatang probisyon, Seksyon 2, malaking bahagi sa tinamong asenso ng ekonomiya ng bansa ang turismo. Hindi lamang dahil sa mga pumasok na dolyar at mataas na palitan nito sa bansa, kundi, ito ay nagbigay ng mas higit na oportunidad sa mga mamamayan na nagkaroon ng trabaho at pagkakakitaan. Nagkaroon din ng higit na pagpapahalaga ang mga tao sa pagpapalago, pag-iingat at pagpapaganda sa mga pook pasyalan, na karugtong ng pag-unlad ng bansa, ating bansang Pilipinas. Sa Seksyon 6 ng nabanggit na Batas Republika, na dapat patuloy ang isinagawang pag-aaral at sarbey ukol sa turismo ng bansa kung saan naanalisa nito ang kondisyon ng ekonomiya.

Ang sekretarya ng DOT na si Bernadette Romulo- Puyat ay isinulong ang mas pinaalab na kampanyang, "It's More Fun in the Philippines", na nagpakita at nagpakilala ng mga natatanging pasyalan sa ating bansa. Kasama rito ang mga layuning pagpapaunlad at pangangalaga ng mga ito. Ayon pa kay Sec. Puyat, ang pinagsama-samang pagsisikap at paglutas sa lahat ng pang-industriyang turismo ay nasuklian ng patuloy na pagtaas ng bilang ng mga bisita ng bansa, at pagkilala sa bansa para sa malaking parangal. Ang mga turistang dumayo sa bansa natin ay niyakap ang ating kultura gayun din ang wikang Filipino, kung

saan natuto silang mas madaling makipag- usap sa mga mamamayan ng isang lokal na turismo. (Departamento ng Turismo, 2020)<sup>4</sup>

Ang sektor ng edukasyon ay sang-ayon rin sa ipinagtibay na Batas Republika Blg. 10533, Seksyon 5 o Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013,<sup>5</sup> na ang kurikulum ay kailangang angkop sa lokal na konteksto ng lugar. Kung kaya't hinihikayat ang paggawa ng mga kagamitang panturong lokal upang matugunan ang pangangailangang pang-edukasyon. Ang matugunan ang mga araling tumatalakay sa mga halimbawang tanawin o turismo na maaring mayroon ang bayan.

Ang bayan ng Barcelona sa lalawigan ng Sorsogon ay isa sa mga destinasyong dinarayo ng mga turista. Ito ay pinagitnaan ng bayan ng Gubat sa hilaga, Bulusan sa timog, Casiguran sa Kanluran at ang karagatang Pasipiko sa Silangan. Dating bahagi ng bayan ng Gubat at Bulusan. Ang pangalan nito noon ay tanyag sa tawag na "Danlog", mula sa pangalan ng isang lokal na ilog. Ang pangalan nito ay binago bilang Barcelona ayon sa rekomendasyon ng isang Kastilang opisyal dahil sa pagkakatulad ng lugar sa Barcelona ng Espanya. Noong ika- 16 ng Abril, taong 1886, ito ay naging pueblo civil. Ito ay naging parte ng Parokya ni Senyor Santiago ng Bulusan. Matapos ang taong 1868, nahiwalay ito at nagkaroon ng sariling patron, si Senyor San Jose (Saint Joseph) at nagdiriwang ng kapistahan nito at ng bayan tuwing ika- 19 ng Mayo.

Ang bayan ng Barcelona ay tanyag sa masaganang suplay ng niyog, kopra, at mga pananim katulad ng kamote at bungangkahoy. Katulad ng Espanya, ang Barcelona ay tanyag din dahil sa mga makasaysayang gusali na itinatag noong panahon ng mga Kastila. Ang mga makasaysayang lugar katulad ng simbahang Parokya, Precidencia Building at Escuela Pia maraming kuwento ng kasaysayan noong panahon ng mga Kastila.

Sa pag-angat ng turismo sa bayan, umusbong din ang mga negosyo katulad ng mga kainan, komersyo at mga padalahan na nakatulong sa ibinigay na serbisyo sa mga tao. Ngunit ang bayan ay kailangang patuloy na pag-aralan upang ito ay mas lalong makilala at tangkilikin.

Hindi natin mawawaksi na wala pang gaanong lathaliang nagagawa tungkol sa turismo ng bayan ng Barcelona. Ito ang naging dahilan ng mananaliksik bilang isang guro na tugunan ang isinasaad ng Batas Republika Blg. 10533, Seksyon 5 , gayun din ang Batas Republika 9593, Seksyon 2, na naglalayong pagyabungin at patuloy na pag-aralan ang turismo. Layunin din ang makatulong at makibahagi sa kampanya ng Departamento ng Turismo na makapaglunsad ng mga proyektong higit na magtataguyod sa pagpapakilala ng turismo.

Alinsunod rin sa inilunsad ng dating gobernador ng lalawigan na si Francis "Chiz" Escudero, noong ika-17 ng Enero, ang "Cultural Mapping Orientation" na naglalayong mapangalagaan, mapreserba at itaguyod ang pambansang pamana. Ito rin ay sumasang-ayon sa bisa ng Batas Republika 10066 o kilala bilang "Cultural Heritage Act of 2009"<sup>6</sup>. Malaking salik ang mabigyang pagkilala at mailathala ang mga atraksiyong turismo ng Barcelona upang mas lalong maipagmalaki at mabigyang halaga ang yamang mayroon ang bayan. Naglalayon rin ang pananaliksik na ito na gamitin ang wikang Filipino sa pagpapakilala ng atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona.

## **Layunin Ng Pag-Aaral**

Natiyak sa pag-aaral na ito na: (1) matukoy ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona gamit ang wikang Filipino sa pagpapakilala nito (2) gamit ng Wikang Filipino sa pagpapakilala ng mga turismo sa bayan ng Barcelona (3) mga benepisyo ng turismo sa edukasyon, komunidad, turista at lokal na pamahalaan

## **Pamamaraang Ginamit**

Natiyak sa pag-aaral na ito na matukoy ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona gamit ang wikang Filipino sa pagpapakilala nito. Kwalitatibo-deskriptibong pananaliksik ang disenyong ginamit sa paglikom ng datos sa pag-aaral. May kauoang 30 partisipant sa ginawang pag-aaral na kinakatawan ng mga mag-aaral, mamamayan, empleyado ng ahensya ng pamahalaan, at turista. Isang talatanungan ang ginamit sa pag-alam ng gamit ng wikang Filipino sa atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona. Nagsagawa rin ng pakikipanayam sa mga partisipant. Ang mga nalikom na datos at impormasyon ay inanalisa at binigyan ng interpretasyon.

## **Mga Natuklasan**

### **Mga Atraksiyong Turismo sa Bayan ng Barcelona**

Lumabas sa naging pag-aaral ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona. Mula sa isinagawang panayam ng mananaliksik, sa bahaging ito makikita ang mga atraksiyong turismo. Sa talahanayan sa ibaba makikita ang mga ito, at ang barangay o lokasyon kung saan ito matatagpuan.

**Talahanayan 1: Atraksiyong Turismo sa Bayan ng Barcelona**

<b>Turismo</b>	<b>Lokasyon</b>
*Calayucan Beach	Brgy. Jibong
*Marine Reserve and Fish Sanctuary	Brgy. Macabari
Barcelona Church	
*Presidencia and Escuela Pia (Barcelona Ruins Park)	Poblacion Central
Biyong Spring	Poblacion Central
Barcelona Town Hall	Brgy. Alegria
Cosmos Lane o	Poblacion Sur
Barcelona Blooms	Brgy. Mapapac- Brgy. Bangate
Camp Burabod Farmstead	Brgy. Layog
AGRIHOPE and Pili Tree	Brgy. Sta. Cruz

Ang atraksiyong turismo ay tumutukoy sa mga pasyalang nagbibigay-aliw sa mga turista. Ang mga lugar na ito ay nagbibigay kaligayahan sa mga tao. Naging kanlungan ito ng mga taong nais magpahinga. Puntahan din ito ng mga taong nais na magkaroon muli ng koneksyon sa kalikasan at kasaysayan. Ilan sa mga turismong ito ay nagbigay rin ng tulong sa mga mag-aaral upang maging batayan sa kanilang pag-aaral. Narito ang mga atraksiyong turismo ng bayan ng Barcelona.

**Calayucan Beach**



Sa barangay Jibong ng bayan ng Barcelona, matatagpuan ang isang ‘beach na hanggang ngayon ay dinarayo ng mga lokal na turista. Ito ay ang Calayucan Beach. Ang pangalang Calayucan ay kinalakihang tawag ng mga mamamayan ng barangay mula pa sa kanilang mga ninuno. Ito ay may sukat na halos humigit kumulang isang hektarya ang sukat ng lawak. Isa itong pribadong pagmamay-ari ng mga pamilyang nakatira sa gilid ng dagat.

Sa kasalukuyan, bukas ang atraksiyong turismong ito ng bayan, karaniwan sa mga lokal na turista. Sa pagpasok, walang kaukulang babayaran sa kasalukuyan. Ang mga pamilyang nagmamay-ari ng mga bahagi ng Calayucan beach ay mayroong mga plano upang buhayin at mas lalong pagandahin ang lugar para sa mga turista. Katulad ng bahay-pahingahan, cottages at ilang pasilidad na kakailanganin para sa masaya at magandang pananatili ng mga turista.

Ang Calayucan beach ay madaraan lamang kung ito ay pupuntahan. Mula sa Sorsogon City, maaaring sumakay sa SITEX (Sorsogon Integrated Terminal Exchange) na nasa, Maharlika Highway, Barangay Balogo. Doon ay maaaring sumakay ng modernong dyip na byaheng Bulusan at bababa sa barangay Jibong ng bayan ng Barcelona. Ang pamasaha mula sa SITEX hanggang sa barangay Jibong ay ₱75.00 lamang. Pagkababa ay maaaring magtanong kung saan ang daan papunta sa Calayucan Beach.

Karaniwang dinarayo ang turismong ito sa panahon ng Semana Santa at tag-init. Sa kasalukuyan, karaniwang sumusunod pa rin sa alituntuning pangkalusugan katulad ng pagsuot ng facemask ang mga lokal na turismo. Ang mga dayuhang turista ay maaaring dumulog sa kawani ng barangay o mga may-ari ng mga lupa, para makapagpaalam sa kanilang pagbisita.

Sa pakikipagtalastasan ng ilang mga bisitang turista sa Calayucan, nagagamit ng mga mamamayan roon ang wikang Filipino bilang midyum ng pakikipagtalastasan. Ilan kasing mga dumarayo sa lugar ay mga bakasyunista na mula sa Maynila o di kaya ay mga kaanak ng mga lokal na residente. Gamit ito, nagkakaunawaan sila kung may mga nais ipaabot na impormasyon.

Malaki ang naging ambag ng Calayucan beach sa Kagawaran ng Turismo (DOT) at lokal na pamahalaan, bilang isa sa mga atraksiyong turismo ng bayan, isa ito sa mga nakahihikayat upang dayuhin pa ng mga turista ang bayan. Sa usaping ambag sa edukasyon, ang Calacuyan beach ay nakatutulong sa ilang mga mag-aaral na nag-aaral tungkol sa mga magagandang turismo ng

bayan. Nakatutulong rin sa ilan sa mga mamamayan sa komunidad ang beach, katulad ng mga tindahan na nagkakaroon ng dagdag kita dahil sa pagbili ng mga lokal na turista. Katulad ng mga benepisyong naibahagi ng turismong ito, may benepisyong ring balik sa mga turista ang lugar. Nakapaghatid ito ng lugar na maaaring makapagrelaks ang mga turista at magsaya dahil sa malinis na tubig-dagat na maaaring paglanguyan.

### Marine Reserve and Fish Sanctuary



Sa bayan ng Barcelona, Sorsogon, matatagpuan sa barangay Macabari, ang Marine Reserve and Fish Sanctuary. Mula sa pangalan nito, ito ay isang yamang lugar kung saan nireserba ang mga yamang dagat at santuwaryo ng iba't ibang uri ng isda, sa pamamagitan ng pagbabantay nito at pangalaga ng lokal na pamahalaan.

Ang Marine Reserve and Fish Sanctuary ay 136 hektaryang lawak ang sakop. Ito ay bukas sa publiko na nais magdiving o di kaya ay simlip at makita ang yamangdagat ng lugar. May kabayaranang ₱500.00 ang serbisyo ng mga divers na tutulong at sasagip sa mga tursita. Gayundin, kabayaran din para sa pagrenta ng bangkang gamit.

Sa pakikipag-ugnayan ng mga opisyal ng barangay sa mga nais magsagawa ng *diving*, nagagamit nila ang wikang Filipino. Sa pagkakataong ang kanilang mga kausap ay mga mag-aaral mula sa ibang lalawigan na nagsasagawa ng pag-aaral sa sangtuwaryo, dahil karaniwang Tagalog ang wikang nauunawaan ng mga turista, nagagamit sa pakikipagtalastasan ng mga tao sa barangay Macabari ang wikang Filipino.

Malaki ang ambag ng Marine Reserve and Fish Sanctuary sa edukasyon, komunidad, turista at lokal na pamahalaan. Sa aspetong pang-edukasyon, ang atraksiyong turismong ito ay nagiging pugas ng pag-aaral ukol sa buhay-dagat. Maraming napupulot na kaalaman ang mga mag-aaral na nagsasagawa ng pag-aaral. Gayundin ang komunidad ng barangay Macabari, malaki ang benepisyong hatid ng turismong ito. Nabigyan ng pagkakataon ang ilang mamamayan na makapagsanay sa *diving* at dagdag kita sa mga bangkero. Ang mga turistang dumarayo sa Marine Reserve and Fish Sanctuary ay nakadarama ng koneksyon at kasiyahan sa kanilang pagdiskubre ng buhay sa ilalim ng dagat. Nakakukuha sila ng inspirasyon upang mas lalong pangalagaan ang kalikasan. Sa lalong pagkilala at pag-usbong ng turismong ito, ang lokal na pamahalaan ay nagkakaroon ng mas maraming pagkilalang panturismo. Dinarayo ang bayan ng mga dayuhang turista kung saan, malaki ang tulong pang-ekonomiya sa bayan ng Barcelona.

Ang Marine Reserve and Fish Sanctuary ay Madali lamang kung ito ay pupuntahan. Mula sa Sorsogon City, maaaring sumakay sa SITEX (Sorsogon Integrated Terminal Exchange), maaaring sumakay ng modernong dyip na byaheng Bulusan at bababa sa barangay Macabari ng bayan ng Barcelona. Ang pamasaha mula sa SITEX hanggang sa barangay Macabari ay ₱82.00 lamang.

Hanggang sa kasalukuyan, isa pa rin sa atraksiyong turismo ang Marine Reserve and Fish Sanctuary dahil sa pagpapanatili nito sa natural na ganda at yaman. Mas lalong isinusulong ng lokal na pamahalaan, kasama ang DENR ng bayan upang mas lalong mabantayan ito.

### Barcelona Church (Saint Joseph Parish Church)





Sa Poblacion Central, sa bayan ng Barcelona, matatagpuan ang isa sa mga pinakamatandang simbahan sa Bicol, ito ang Barcelona Church. Kilala rin ito sa pangalang Saint Joseph Parish Church, na hango sa pangalan ng santong si Senyor Jose na ama ni Hesus. Ang Barcelona Church ay itinayo noong 1874 ng mga Franciscan, sa ilalim ng pamamahala ni Gobernadorcillo Juan Evasco. Ang istruktura nito ay gawa sa mga korales at plaster ng itlog na may halong tuba, isang lokal na alak, para sa harapan at mga dingding. May lawak itong nasa 11, 842 square meter.

Bilang isang historikal na atraksiyon, dinarayo ang Barcelona Church sa halos kahit anong panahon. Ngunit, mas dagsa ang mga turista at bisita nito tuwing tag-init, piyesta, Pasko, at Semana Santa. Mula sa Sorsogon City, maaaring sumakay sa SITEX (Sorsogon Integrated Terminal Exchange) na nasa, Maharlika Highway, Barangay Balogo. Doon ay maaaring sumakay ng modernong dyip na byaheng Bulusan at bababa mismo sa Barcelona Church. Ang pamasaha mula sa SITEX hanggang sa Barcelona Church ay ₱66.75 lamang.

Karaniwan sa wikang ginagamit ng mga tao sa pagpapakila ng Barcelona Church, kung hindi lokal na diyalekto ng lugar, ay ang wikang Filipino. Ito ay sa kadahilanang mas nauunawaan ito ng karamihan.

Malaki ang benepisyo ng lumang simbahan sa edukasyon, komunidad, turista, at lokal na pamahalaan. Sa edukasyon, dahil sa ang gusali ay puno ng kasaysayan, nakapagbibigay impormasyon ito sa mga mag-aaral kung ano ang sitwasyon at kuwento ng kasaysayan ng bayan ng Barcelona. Sa komunidad naman, mapapansing maraming mga maliliit na negosyante ang nagtitinda sa labas ng simbahan. Ang karagdagang mga hanapbuhay sa komunidad ay isang positibong dala ng Barcelona Church. Ang mga turista ay nagkakaroon ng benepisyo sa atraksiyon ng lumang simbahan ng Barcelona, dahil sa naibibigay na karugtong-pusod na kasaysayan at panrelihiyong paniniwala. Ang kanilang pagbisita sa Barcelona Church ay isa ring paraan ng kanilang pagpahinga dahil sa gandang hatid ng tanawin itong. Bilang bahagi ng bayan ng Barcelona, dahil sa patuloy na paglago ng kabuhayan ng mga mamamayan at pagdagsa ng mga turista sa bayan, nagkakaroon ng mas malaking kita. Nakatutulong din ito na mas lalong makilala ang bayan ng Barcelona.

Sa kasalukuyan, mas lalong pinagaganda ang simbahan, ngunit pinananatili pa rin ang orihinal na mga dingding at ilang parte ng Barcelona Church. Sa tulong lokal na pamahalaan ng Barcelona, mas lalong napapangalaan ang lumang simbahan.

#### **Presidencia Building at Escuela Pia (Barcelona Ruins Park)**



Sa bayan ng Barcelona, barangay Poblacion Central, sa tapat lamang ng lumang simbahan ay matatagpuan ang Barcelona Ruins Park kung saan masisilayan ang Presidencia Building at Escuela Pia o Stone Building. Ang mga ito ay mga lumang gusali na halos 138 taon nang nakatayo sa bayan ng Barcelona.

Ang pangalang Presidencia Building ay hango sa salitang Espanyol na *Presidencia* na ang ibig sabihin ay pagkapangulo. Ang gusali ang kinalalagakan noon ng pamahalaang Espanyol sa pamumuno ng isang Gobernadorcillo sa panahon ng kanilang pananatili sa bayan. Ito ay itinatag noong 1874.

Ang Escuela Pia naman ay salitang Espanyol na nangangahulugang, eskuwelahang pinangangasiwaan ng simbahan. Ngunit taong 1898 hanggang 1946, sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, napalitan ito ng pangalang Stone Building.

Ang Presidencia Building ay may sukat na 1000 metro kuwadrado, at ang Escuela Pia naman ay may sukat na 4,025 metro kuwadrado. Ang dalawang gusali ay nasasakop ng Barcelona Ruins Park na nasa tapat lamang ng Barcelona Church. Karaniwang pasyalan ang lugar ng mga lokal o dayuhang turista. Madalas na dinarayo ang Presidencia Building at Escuela Pia tuwing tag-init, Pasko, at Semana Santa.

Upang marating ang dalawang lumang gusali ng bayan ng Barcelona, mula sa Sorsogon City, maaaring sumakay sa SITEX (Sorsogon Integrated Terminal Exchange) na nasa, Maharlika Highway, Barangay Balogo. Doon ay maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan sa halagang ₱66.75. Maaaring bumaba direkta sa Barcelona Ruins Park.

Ang mga dumarayong turista sa lugar ay halong lokal at dayuhan, mas mainam na ginagamit ng ilang tao ang wikang Filipino. Ito ay upang mas lalong magkaunawaan ang bawat isa sa kung may nais itanong o maunawaan.

Malaki ang ambag ng Presidencia Building at Escuela Pia sa edukasyon, komunidad, turista at sa sariling lokal na pamahalaan. Sa edukasyon, ang dawalang gusali ay nagbibigay balik-tanaw sa kasaysayan ng bayan. Ang mga ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral at mananaliksik tungkol sa kasaysayan at buhay ng bayan ng Barcelona. Malaki rin ang ambag nito sa mga mamamayan ng komunidad, dahil sa maraming oportunidad ng trabaho at Negosyo ang hatid ng Presidencia Building at Escuela Pia bilang sentro ng atraksiyon sa parke. Ang mga turista, lokal man o dayuhan, may nagkakaroon ng mas malawak na kaalaman

tungkol sa kasaysayan ng bayan. Hatid rin ng mga lumang gusali sa mga turistang dumarayo, ang saya makita ang mga simbolo ng panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Ang paglobo ng mga turista sa bayan, ay malaking senyales ng magandang benepisyong ng turismo sa lokal na pamahalaan. Nagkakaroon ng dagdag kita ang mga mamamayan nito, na makatutulong na mabawasan ang bahagdan ng kahirapan at kawalang trabaho ng mga tao.

Sa bawat selebrasyon katulad ng Araw ng mmga Puso at Pasko, maraming pakulo ang lokal na pamahalaan ng Barcelona sa Barcelona Ruins Park, kung saan nakatayo ang Precidencia Building at Escuela Pia. Ito ay mas lalong nakahihikat sa mga turista na dayuhin ang lugar dahil sa mga nakahahalinang dekorasyon, at mga pakulo.

### **Barcelona Townhall**



Ang bagong konstruksyon ng Barcelona Townhall ay naging isa sa mga atraksiyon ng bayan ng Barcelona. Ito ay binago at pinaganda noong taong 2020, sa pangunguna ng kanilang butihing alkalde na si Mayor Atty.Cynthia Falcotelo Fortes.

Ang Barcelona Townhall ay isang dalawang palapag na gusali na bukas sa serbisyo. Dahil sa arkitektural nitong disenyo na hango sa kasaysayan at kultura ng Espanya, may pagkakatulad ito sa banyagang bansa, kapaligiran at senaryo ng bagong pamahalaang gusali.

Dagdag atraksyon din ang hardin ng rosas na nasa gilid ng gusali. Makikita ang mga pamumukadkad na mga rosas sa hardin na ito, sabayan ng malamalam na ilaw, lumalabas ang ganda ng lugar na tumutugma sa tema ng istruktura ng katabing pamahalaang gusali, na para kang nasa bansang Espanya. Naroon rin ang mga proyektong Bougainvillea Pot Power. Ito ay mga halamang bougainvillea na itinanim sa malalaking paso at inilagay sa harapang gilid ng munisipyo.

Ang isa sa paraan upang makarating sa Barcelona Townhall, gamit ang pampublikong transportasyon ay, maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan. Mula sa SITEX, sa halagang ₱69.00, mararating ang Barcelona Townhall.

Ang Barcelona Townhall ay isang pampublikong gusali. Maaaring dumalaw at pasyalan ang gusali. Kailangan lamang na magsuot ng facemask mask bilang alituntuning pangkalusugan na kailangang sundin. Karaniwang dinaragsa ng mga lokal at dayuhang turista ang Barcelona Townhall tuwing mayroong mga selebrasyon o pagdiriwang. Ilang mga nagbibiseklita ang dumaraan sa gusali upang kumuha ng larawan.

Kadalasang sa pagpasok sa gusali, wikang Filipino ang gamit ng mga empleyado ng Barcelona Townhall. Lalo na kung ang mga bumibisita ay mga dayuhang turista na nais magtanong nang ilang mga detalye.

Bilang pampamahalaang gusali, malaki ang benepisyong dala ng Barcelona Townhall sa usaping edukasyon. Bukas ang tanggapan sa mga mananaliksik at mga mag-aaral na nais mangalap ng impormasyon. Malaki rin ang benepisyong bigay ng sa komunidad, dahil sa pagbubukas ng mas maraming oportunidad sa trabaho sa loob ng pamahalaang gusali.

Ang mga turistang dumarayo sa Barcelona Townhall ay nagkakaroon rin ng benepisyong dahil sa kasiyahan at pagtanggap ng maayos sa kanilang pagbisita sa gusali. Malaki rin ang ambag nito sa lokal na pamahalaan, dahil magandang serbisyong kanilang naibibigay sa mga kliyente.

Patuloy ang pangangalaga at pagpapanatili ng kagandahan ng Barcelona Townhall. Mas lalo rin pinaganda ang serbisyo ng mga empleyado ng lokal na pamahalaan.

### **Camp Burabod Farmstead**



Larawan ni Elton Dioquino



Sa Sitio Pinarik ng barangay Layog, bayan ng Barcelona, matatagpuan ang Camp Burabod Farmstead, na itinatag noong 2020. Ito ay hango sa salitang “burabod” na ang ibig sabihin ay tubig, dahil ang kanilang lugar ay sagana nito.

Ang Camp Burabod Farmstead ay isang pribadong pagmamay-ari na may lawak na 3,800 kuwadrangong metrong pasyalan at paliguan. Ang atraksiyong ito ay nag-aalok rin ng panlibangang mura, pagsasaka at pangingsida.

Upang makarating sa Camp Burabod Farmstead, gamit ang pampublikong transportasyon, maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan. Mula sa SITEX, sa halagang ₱75.50, bumaba sa Paghaluban crossing. Maaaring sumakay ng tricycle papasok sa halagang ₱20.00 sa papasok naman ng Camp Burabod. Lalakarin naman ang daanan ng tao papasok sa atraksiyong ito. Nagagamit ang wikang Filipino ng mga may-ari sa pagtanggap at pakikipag-usap sa mga turista. Gayundin sa kanilang pagpapakilala sa sosyal medya, ginagamit ang wikang Filipino sa mga anunsiyo at patalastas na isinasagawa.

Maraming aspeto ng lipunan ang nabibigyang benepisyo ng Camp Burabod. Katulad ng edukasyon, dahil sa ang lugar ay mayaman sa mga palaisdaan at pagsasaka, kinapupulutan ng ideya, inspirasyon, at aral ang Camp Burabod. Ang kmunidad ay nagkakaroon ng pagkakataon na magbukas ng maliliit na negosyo katulad ng mga tindahan. Naibibigay ng komunidad ang ilan sa mga pangangailangan ng mga turista. Ang Camp Burabod ay buwanang nagbabayad ng buwis sa lokal na pamahalaan, kaya, ang malaki ang ambag ng turismo sa pamahalaan dahil sa responsableng pagbabayad ng buwis.

### Cosmos Lane o Barcelona Blooms



Mula sa Sitio Plantsa ng barangay Paghaluban hanggang sa barangay Bangete, madaraan sa gilid ng pambansang kalsada ang mga namumukadkad at matitingkad na bulaklak ng Sulphur Cosmos na tinatawag na Cosmos Lane o Barcelona Blooms. Isang atraksiyong swak pang-*instragamable* photoshoot.

Ang Cosmos Lane o Barcelona Blooms ay nagsimula sa simpleng pagtatanim ng pamilya Ervas ng barangay Layog, Barcelona. Dahil nasa gilid lamang ng kalsada ang kanilang tahanan, sa kabilang gilid ay sinimulan nilang tamnan ito ng Sulphur Cosmos. Nang mapansin ito ng lokal na pamamahalaan, ay ginawa itong isang panturismong proyekto kung saan mas pinahaba pa ang distansya nang pagtatanim.

Dahil sa ang Cosmos Lane ay nasa pambansang kalsada lamang, madali lamang itong mararating. Gamit ang pampublikong transportasyon ay, maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan. Mula sa SITEX, sa halagang ₱77.00- ₱82.00, maaaring bumaba sa parte ng Cosmos Lane na namumukadkad ang bulaklak.

Sa edukasyon, komunidad, turista at lokal na pamahalaan ay mayroong ambag ang Cosmos Lane. Sa usaping edukasyon, ilang mga mag-aaral sa agrikultura at turismo ay nakakapulot ng aral sa pagtatanim at pagpapaganda ng kapaligiran. Ang komunidad naman ay nagkakaroon ng mga oportunidad sa trabaho. Tumanggap at kumuha ng ilang mga tagatanim mula sa mga kalapit barangay. Ilang mga turista ang gumawa ng libreng *pre-nup* o *debut* photoshoot sa kahabaan ng Cosmos Lane. Ito ay bukas sa lahat nang nais kumuha ng larawan. Dagdag na pagkakakilanlan sa bayan ang Cosmos Lane, bilang isa sa mga atraksiyong nakapagpapaganda sa bayan ng Barcelona.

### Agri-Hope at Pili Tree House



Ang Agri-Hope at Pili Tree House ay isang agrikultural at turismong proyekto ng lokal na pamahalaan ng Barcelona, sa pamumuno ng kanilang alkalde na si Mayor Atty. Cynthia Falcotelo Fortes. Ito ay opisyal na binuksan sa publiko noong 2019 sa barangay Sta. Cruz.

Ang lupaing sakop ng Agri-hope at Pili Tree House ay halos kulang-kulang isang hektarya. Ang pangalan nitong Agri-Hope ay nangangahulugang pag-asa sa agrikultura, at ang Pili Tree naman ay literal na tawag sa isang malaking puno ng pili na nilagyan ng maliit na bahay pahingahan.

Ito ay isang agrikultural at turismong proyekto ng lokal na pamahalaan. Makikita rito ang iba't ibang tanim tulad ng cacao, pili, mga niyog at iba't ibang klase ng gulay. Mayroon din silang mga alagang hayop katulad ng mga native na baboy, tupa, at iba pa. Upang marating ang Agri-Hope at Pili Tree House, mula sa SITEX ng Sorsogon City, maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan sa halagang ₱84.50 at bababa papasok sa barangay Bangate. Maaaring magmotor o kaya ay maghintay ng dyip papuntang barangay Sta. Cruz na halos nasa 3.5 kilometro ang biyahe.

### **Biyong Spring**



Ang Biyong Spring ng barangay Alegria, bayan ng Barcelona, Sorsogon ay isang natatanging turismo ng bayan, na nakaagaw pansin sa buong bansa dahil sa napakalinaw nitong tubig. Ito ay halos nasa 2.14 kilometro ang layo mula sa Poblacion Central ng Barcelona.

Nagagamit ang wikang Filipino ng mga nangangalaga ng Biyong Spring. Katulad ng mga panayam na isinagawa sa kanila para sa isang pambansang dokumentaryo sa telebisyon, mas pinili nilang gamitin ang wikang Filipino upang mas maunawaan sila ng mga manonood at maibigay nila ang mga impormasyong kailangan.

Ang Biyong Spring ay nakapagbigay ng malaking benepisyong sa komunidad. Ilan sa mga naninirahan malapit sa paliguan ay gumawa ng mga kubo para sa mga turista. Naging dagdag kita ito sa mga residente ng lugar. Dahil sa nakilala ang atraksiyong ito at nakita sa pambansang telebisyon, mas nakilala ang bayan ng Barcelona.

Upang marating ang Biyong Spring ng barangay Alegria, mula sa SITEX ng Sorsogon City, maaaring sumakay ng modernong dyip na biyaheng Bulusan at bababa sa Pambansang Paaralang Sekondarya ng Barcelona. Maaaring sumakay sa mga tricycle na biyaheng barangay Alegria. Sabihin sa drayber na ibaba sa papasok ng Biyong. Pagkababa, maglalakad ng 15 hanggang 30 minuto papasok sa Biyong Spring.

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, nagpapahiwatig lamang na mayroong mga atraksiyong turismo ang bayan ng Barcelona. Ilan sa mga ito ay mga lumang gusali, gawang taong atraksiyon, paliguan, agrikultural na atraksiyon at iba pa. Implikasyon din nito na mayroon pang mga atraksiyong turismo ang bayan ng Barcelona na maaaring madiskubre at mapayaman. Ilan sa mga turismo ng bayan ay bago pa lamang ngunit nagsisimula na ring makilala at lumago. Karaniwang ang mga napag-aralang atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona ay dinarayo ng mga lokal at dayuhang turista.

Sa pag-aaral nina Chili at Xulu (2015),<sup>7</sup> ang pamahalaan ay may gampaning magkaroon ng mga pamantayang pagpapaunlad o pagpapalago sa turismo. Ang pagsulong ng kaunlara at pagpapakilala ng turismo ay isa sa mga responsibilidad ng pamahalaan. Kailangang matugunan at maabot ang mga layuning pang kaunlaran dahil ang turismo ay bahagi rin ng pag-unlad ng ekonomiya.

### **Gamit ng Wikang Filipino sa Pagpapakilala ng mga Turismo sa Bayan ng Barcelona.**

Ipinapakita dito ang gamit ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng mga turismo sa bayan ng Barcelona. Masasabing may malaking bahagi o ambag ang paggamit ng wikang Filipino upang mas lalong makilala ang mga atraksiyon at turismo sa bayan ng Barcelona.

Malaki ang naging papel sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng mga atraksiyon at turismo ng Barcelona, lalo na sa kagamitang pangkomunikasyon at pakikipagtalastasan. Naging tulay nila ito upang maunawaan sila nang lubos ng mga turista. Ginagamit rin ang wikang Filipino bilang midyum ng mga direksyon at paglalarawan sa mga destinasyong mapupuntahan.

Narito ang ilang pahayag ng mga nakapanayam.



*“Madalas... opo. An Filipino lalo na ingagamit mi. Depende sa kliyente o guest namo. Usually sa facebook Tag-lish man, pero kadaghanan Filipino kay mas nasabutan. Niyan kasi an target namu, locally...”*

(Salin: “Madalas... opo. Ang Filipino ang mas lalo naming ginagamit. Depende sa kliyente o bisita naming. Kadalasan sa facebook Tagalog- English din, pero karamihan ay Filipino dahil mas madaling maunawaan. Ngayon kasi ang target namin ay panglokal...”)

Sa isang pahayag naman ng isa sa mga tagapangalaga sa atraksiyong turismo ng bayan tungkol sa wikang Filipino:

*“Sa kada masulod dine saamo, an ingagamit mi Filipino kay dire mi sigurado kun manga tagadiin. Nan sira mismo an intrada na paghapot nira saamo Tagalog man...”*

(Salin: “Sa bawat papasok dito saamin, ang ginagamit namin ay Filipino dahil hindi kami sigurado kung tagasaan sila. At sila mismo, sa kanilang unang pakikipag-usap ay Tagalog naman...”)

Nagpapahiwatig lamang ito na bahagi at instrumento ang wikang Filipino sa turismo ng bayan ng Barcelona. Ginagamit ito sa pakikipagkomunikasyon sa ng mga turista sa mga local na mamamayan ng bayan. Gamit din ang wikang Filipino sa pagpapakilala ng turismo sa sosyal medya o pagpapakilala sa mga local o dayuhang turista. Sa pag-aaral na ito, ang wikang Filipino ay magiging daan upang mas maunawaan, makilala at mapaunlad ang turismo. Sa pamamagitan ng paglimbag ng booklet tungkol sa atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona, gamit ang wikang Filipino, mahihikayat ang mga dayuhan at Pilipinong turista na tangkilikin ang magagandang lugar ng bayan.

Sa pag-aaral ni Estera (2018)<sup>8</sup>, ang wikang Filipino ay nagagamit sa pagbibigay impormasyon sa mga turista, ukol sa atraksiyong turismong kanilang binibisita. Mas madaling magkaroon ng ugnayan at pagkakaunawaan ang dalawang panig kung ang wikang gamit ay parehas nilang alam, katulad ng wikang Filipino.

### **Benepisyo ng Turismo sa Edukasyon, Komunidad, Turista, at Lokal na Pamahalaan.**

Batay sa resulta ng mga datos na nakuha ng mananaliksik sa pag-aaral, ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona ay may malaking ambag sa edukasyon, komunidad, turista at lokal na pamahalaan.

Ang ambag ng mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona ay may malaking naitulong sa edukasyon. Ang atraksiyong turismo ay naging daan din para sa mas malawak na kaalaman ng mga mag-aaral. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang Agri-Hope, kung saan marami nang mga OJT na mag-aaral na nakapokus sa agrikultura ang nakapagsanay ng kanilang kaalaman sa nasabing atraksyon. Ang mga atraksiyong dinarayo ay edukasyunal na nakapagbabahagi sa mga tao tungkol sa kasaysayan, agrikultura at turismo.

Ang atraksiyong turismo ng Barcelona ay may malaking ambag sa komunidad nito. Hindi lamang mga manggagawa, tagapagbantay o may-ari ang nanginginabang.

Sa isang pahayag mula sa Camp Burabod Farmstead:

*“First is work, yung labor, nakadagdag kami sa community, as well as yung additional kita sa mga tawo dine. dahil sa dire mi pa niyan ma-cater an iba, an turista nagbabakal sa mga tindahan d’yan. Kaya dagdag kita sa community.”*

(Salin: Una sa lahat ay ang trabaho, nakadaragdag kami sa komunidad, gayundin sa dagdag kita sa mga tao dito dahil sa ngayon hindi pa namin maibigay ang lahat, ang turista bumibili sa mga tindahan d’yan. Kaya dagdag kita sa komunidad.)

Naihayag din ng isang kawani ng pamahalaan na:

*“Local employment san mga residente, income generation and entrepreneurial, yan kasi nagkanegosyo an mga tawo. Nagluto-luto ganyan...”*

(Salin: Lokal na trabaho sa mga residente, kita at negosyo, yan kasi nagkaroon ng negosyo ang mga tao. Nagluto-luto ganyan.)

Napatunayan sa pag-aaral ni Cruz (2014)<sup>9</sup>, na maraming magagandang epekto ang turismo sa ekonomiya. Dahil sa pagpasok ng mga turista, malakas din ang pagpasok ng kita ng mamamayan, lokal na pamahalaan at mga may negosyo. Nagkakaroon ng benepisyo ang komunidad sa pagbubukas ng turismo. Nagkakaroon ng pagkakataong makapagtrabaho at magkapagnegosyo ang mga mamamayan.

Ang turismo ay may malaking benepisyo sa turista. Maliban sa ibibigay nitong aliw, ang turismo ang nagiging takbuhan ng mga turista nais magrelaks at gumaan ang pakiramdam dahil sa pagod sa trabaho at problema. Sa kanilang pagbisita sa mga atraksyon, nagkakaroon sila ng oras para sa sarili at sa pamilya upang magbonding.

Maraming turista ang dumarayo pa sa Barcelona upang sila din mismo ay magkaroon ng sariling karanansan sa kung ano ang makikita at matututunan. Ilan nga sa mga turista ay nagkakaroon ng aral tungkol sa kasaysayan at kuwento sa likod ng mga atraksyon. Mayroon ding mga turistang katulad sa Camp Burabod Farmstead at Agri-Hope, na nalilintang ang ideya at nakakakuha inspirasyon para simulan din nila ang sariling *farm*.

Ang turismo ay hindi lang masasabing pasyalan o palipasan ng oras. Ang turismo ay nagsisilbi ring pulot-kaalaman ng mga turista kung saan, nagkakaroon sila ng inspirasyon para sa mas maganda buhay at kinabukasan.

Sa lokal na pamahalaan, malaki rin ang benepisyo nito sa turismo. Sa dumaraming atraksiyong turismo na nagbubukas at nadidiskubre, ilan sa mga ito ay rehistrado sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya at Kawanihan ng Rentas Internas.

Ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona, ilan sa mga ito ay may mga binabayaran buwis. Sa tinatawag na ticketing-ang kabayaran sa pagpasok-, kasama na ang mga renta ng pasilidad, ay may katumbas na buwis na binabayaran. Ang buwis na ito,

ay magiging kita ng lokal na pamahalaan para magkaroon ng badyet sa mga susunod pang mga proyekto o programa na makatutulong pa rin sa kaunlaran ng bayan.

## **Konklusyon at Rekomendasyon**

**x**

Natuklasan na may mga atraksiyong turismo ang bayan ng Barcelona na patuloy na nakikilala. Ilan sa mga ito ay mga lumang gusali katulad ng Barcelona Church, Precidencia Building at Stone Building. Naroon rin ang Calayucan Beach at Marine Reserve and Fish Sanctuary. Mayroon rin mga paliguan at pasyalan katulad ng Biyong Spring at Camburabod Farmstead, at ang dinaraanang Cosmos Lane. Sa usaping agrikultural, mayroon silang Agri-Hope at Pili Tree.

Ang gamit ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng mga turismo sa bayan ng Barcelona ay isang instrumento sa pakikipagkomunikasyon, pagpapakilala at pakikipagtakayan. Mas nauunawaan ng mga turista ang wikang Filipino sa pakikipag-usap, bilang midyum ng komunikasyon.

Ang mga benepisyong ng turismo sa edukasyon ay ang mga atraksiyong turismo ay nakapagbibigay ng kaalaman at aral tungkol sa kasaysayan, likas na yaman at agrikultura. Ilan sa mga mag-aaral ay nagsasanay ng kanilang agrikultural na kurso sa ilan sa mga atraksiyon. Sa komunidad dagdag kita ang naibibigay ng mga atraksiyong turismo sa komunidad dahil nagkakaroon sila ng pagkakataong makapagtrabaho at magkanegosyo. Sa turista nabibigyang aliw ang mga turista sa kanilang pagdalaw. Ilan din sa kanila ay nakakakuha ng inspirasyon mula sa mga atraksiyong turismo. Sa lokal na pamahalaan. Nagbibigay kita o badyet para sa lokal na pamahalaan ang benepisyong dala ng turismo. Kapag dinarayo at marami ang mga turista, mas malaki ang kita na makokolekta mula sa mga buwis, na magagamit sa mga susunod pang proyekto at programa.

Inirerekomenda na mayroong mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona. Ilan ay mga lumang gusali, paliguan, taniman at pasyalan. Kailangang bigyang pansin ng lokal na pamahalaan ang mga pagpapakilala at pagpapa-unlad sa mga atraksiyong turismo ng bayan. Ilan sa mga barangay ay mayroong mga potensyal na atraksiyon na nangangailangan ng mahabang panahon upang mapaganda at maging accessible. Gamitin ang wikang Filipino sa mga flyers at bilang midyum ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na empleyado sa pagpapakilala ng mga atraksiyong turismo. Magkaroon pa ng mga proyekto at programang maaaring isulong ang pagpapayaman ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na mamamayan gamit ang wikang Filipino. Pahalagahan at alagaan pang mabuti ang mga atraksiyong turismo ng bayan ng Barcelona upang hindi ito makalimutan at upang huwag itong mawala sa sirkulasyon edukasyon, lokal na pamahalaan at komunidad. Hikayatin ang mga guro na ipakilala sa mga mag-aaral at mga kabataan na mas bigyang pahalaga at pansin ang mga lokal na turismo bago tangkilikin ang mga dinadayong mga turismo ng iba. Gamitin ang panukalang awyuput na booklet upang mas makilala pa ang mga atraksiyong turismo sa bayan ng Barcelona.

## **Talasanggunian**

1. Departamento ng Turismo (DOT)
2. World Tourism Organization (WTO)
3. Batas Republika 9593 o Batas Panturismo ng 2009
4. Departamento ng Turismo, 2020, Kalihim Bernadette Romulo- Puyat
5. Batas Republika Blg. 10533, Seksyon 5 o Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013
6. Batas Republika 10066 o "Cultural Heritage Act of 2009"
7. Chili at Xulu (2015),
8. Estera, John Emil D., 2018. Wikang Filipino Gamit sa Pagkilala ng Turismong Jubangnon, Sorsogon State College, Lungsod Sorsogon
9. Cruz (2014)<sup>9</sup>,